

**KASUNDUAN SA PAG-UPA NG DE-MOTOR NA SASAKYAN NG CALIFORNIA
(CALIFORNIA MOTOR VEHICLE LEASE AGREEMENT) – CLOSED-END**

MGA PARTIDO SA PAG-UPA		
Umuupa	Address ng Garahe ng Sasakyan	Nagpapaupa (Dealer)
Kapwa-Umuupa		

INUPAHANG SASAKYAN ("SASAKYAN")						
BAGO <input type="checkbox"/>	TAON	GAWA	MODELO	ISTILO NG KATAWAN	NUMERONG PAGKAKAKILANLAN NG SASAKYAN	READING NG ODOMETER
GAMIT NA* <input type="checkbox"/>						

Ang sasakyan ay pangunahing gagamitin para sa Sarili, Pamilya o Sambahayan Negosyo, Komersyal o Agrikultural * Kung "Demo", lagyan ng check ang "GAMIT NA"
 Ang kahon sa ibaba ay para sa karagdagang kasunduan sa pagitan ng mga partido. Kung walang naturang mga kasunduan, kumpletuhin sa pamamagitan ng N/A o katulad na wika.

TRADE-IN NA SASAKYAN AT ALLOWANCE		
Taon _____ Gawa _____	Pag-aari <input type="checkbox"/> Inuupahan <input type="checkbox"/>	Kabuuang Halaga ng Trade-In Allowance \$ _____
Modelo _____		(Kabuuang Napagkasunduang Halaga ng Trade-in)
VIN _____		Naunang Kredito o Balanse sa Pag-upa \$ _____
		Netong Trade-In Allowance = \$ _____

KLASE NG PAG-UPA

Isa itong kasunduan para upahan ang Sasakyan. Ang Kasunduan sa Pag-upa ng De-Motor na Sasakyan ("Pag-upa") na ito, sa pagitan ng nakapirmang (mga) uupa ("Uupa") at ng nakapirmang nagpapaupa ("Nagpapaupa") kung saan ang mga pangalan at address ay nakalista sa itaas ay nagbibigay ng napagkasunduang mga takda at kundisyon hinggil sa pag-upa sa Sasakyan. Gaya nang ginagamit sa Pag-upa na ito, ang mga salitang "ikaw" o "iyo" ay tumutukoy sa Umuupa at "kami" o "amin" ay tumutukoy sa Nagpapaupa (o mga kahalili at itinalaga nito). Sumasang-ayon ka na uupahan ang Sasakyan sa amin nang naaayon sa mga takda ng Pag-upa na ito. Kung higit sa isang Uupa ang pipirma sa Pag-upa na ito, ang bawat Uupa ay maaaring indibidwal na panagutin para sa kabuuang halagang inutang sa ilalim ng Pag-upa na ito. Mangyaring tandaan na isa itong Pag-upa, at hindi kasunduan ng pagbili. Kung kaya, pagmamay-ari namin ang Sasakyan.

PETSA NG PAG-UPA: _____ TAKDANG TAGAL NG PANAHOON NG PAG-UPA: _____ MGA BUWAN ISAHANG BAYAD NA PAG-UPA: PAG-UPANG SIGN AND DRIVE*:
 (lagyan ng check kung naaangkop) (lagyan ng check kung naaangkop)

* Kung ito ay isang Pag-upang Sign and Drive, babayaran ng CCAP Auto Lease Ltd. ang unang Buwanang Kabayaranang inilarawan sa Seksyon 2.A sa ibaba.

MGA PAGSISIWALAT NG BATAS PEDERAL SA PAG-UPA NG MGA CONSUMER			
<p>1. HALAGA NG DAPAT BAYARAN SA PAGPIRMA SA PAG-UPA O PAGHAHATID (Inisa-isa sa Ibaba)*</p> <p>\$ _____</p>	<p>2. BUWANAN O ISAHANG BAYAD</p> <p>A. Ang unang Buwanang Bayad na \$ _____ ay dapat bayaran sa _____ na sinusundan ng _____ mga bayad na \$ _____ na dapat bayaran sa _____ ng bawat buwan, simula sa _____.</p> <p>B. Ang kabuuan ng iyong Buwanang Bayad ay \$ _____.</p> <p>C. Kung ito ay Isahang Bayad na Pag-upa, ang iyong Isahang Bayad na \$ _____ ay dapat bayaran sa _____ kung saan ay sa Pagpirma sa Pag-upa o Paghahatid.</p>	<p>3. IBA PANG SINGIL (hindi bahagi ng iyong Buwanang Bayad o Isahang Bayad)</p> <p>A. Bayad sa Pag-aayos (kung hindi mo bibilhin ang Sasakyan) \$ _____</p> <p>B. Kabuuan \$ _____</p>	<p>4. KABUUAN NG MGA BAYAD (Ang halaga na iyong nabayaran sa katapusan ng Pag-upa)</p> <p>\$ _____ (Suma ng mga Seksyong 1, 2.B o 2.C (nang naaangkop) at 3.B, bawasin ang mga Seksyong 5.A.2 o 5.A.3 (nang naaangkop) at 5.A.4)</p>

5. *PAG-IISA-ISA NG HALAGANG DAPAT BAYARAN SA PAGPIRMA SA PAG-UPA O PAGHAHATID

A. HALAGANG DAPAT BAYARAN SA PAGPIRMA SA PAG-UPA O PAHAHATID

- (1) Kabawasan ng Halagang Ipinangkapital \$ _____
- (2) Unang Buwanang Bayad \$ _____
- (3) Isahang Bayad \$ _____
- (4) Nababawing Deposito ng Seguridad \$ _____
- (5) Mga Bayad sa Titulo \$ _____
- (6) Mga Bayad sa Pagpaparehistro \$ _____
- (7) Mga Bayad sa Lisensya \$ _____
- (8) Paunang Buwis sa Pagbebenta/Paggamit \$ _____
- (9) Buwis ng Kabawasan ng Halagang Ipinangkapital \$ _____
- (10) Bayad sa Pagbili \$ _____
- (11) Singil sa Pagpoproseso ng Dokumento (hindi bayad sa pamahalaan) \$ _____
- (12) Singil sa Paglilipat o Pagpaparehistro ng Electronic na Sasakyan (hindi bayad sa pamahalaan) \$ _____
- (13) Mga Bayad sa Gulong ng California \$ _____
- (14) _____ \$ _____
- (15) _____ \$ _____
- (16) _____ \$ _____
- (17) **KABUUAN** \$ _____

B. PAANO MABABAYARAN ANG HALAGANG DAPAT BAYARAN SA PAGPIRMA SA PAG-UPA O PAGHAHATID:

- (1) Netong Trade-In Allowance (kung positibo) \$ _____
- (2) Mga Rebate at Hindi-Cash na Kredito \$ _____
- (3) Halagang Babayaran nang Cash \$ _____

(4) KABUUAN \$ _____

6. ANG IYONG BUWANAN O ISAHANG BAYAD AY INAALAM GAYA NANG IPINAPAKITA SA IBABA:

A. KABUUAN NG HALAGANG IPINANGKAPITAL.

Ang Napagkasunduang Halaga ng Sasakyan (\$ _____) at anumang bagay-bagay na iyong babayaran sa Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa (tulad ng mga kontrata ng serbisyo, seguro, at anumang hindi pa nababayaranang dati nang kredito o balanse ng pag-upa) \$ _____

B. KABAWASAN SA HALAGANG IPINANGKAPITAL. Ang halaga ng anumang netong trade-in allowance, diskuwento, hindi-cash na kredito, o cash na babayaran mo na nakababawas sa Kabuuang Halagang Ipinangkapital — \$ _____

C. ITINAMANG HALAGANG IPINANGKAPITAL. Ang halagang ginamit sa pagkuwenta ng iyong Batayang Buwanang Bayad o Batayang Isahang Bayad = \$ _____

D. NATITIRANG HALAGA. Ang halaga ng Sasakyan sa katapusan ng Pag-upa na ginamit sa pagkuwenta ng iyong Batayang Buwanang Bayad o Batayang Isahang Bayad — \$ _____

E. PAGBABA NG HALAGA AT ANUMANG HALAGA NG HINUHULUGAN. Ang halagang sinisingil para sa pagbaba ng halaga ng Sasakyan sa karaniwang paggamit at para sa iba pang bagay na binayaran sa Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa = \$ _____

F. SINGIL SA PAGRENTA. Ang halagang sinisingil bilang karagdagan sa Pagbaba ng halaga at anumang Halaga ng Hinuhulugan + \$ _____

G. KABUUAN NG BATAYANG BUWANANG BAYAD O ISAHANG BAYAD. Ang Pagbaba ng halaga at anumang Halaga ng Hinuhulugan at ang Singil sa pagrenta = \$ _____

H. MGA KABAYARAN SA PAG-UPA. Ang bilang ng mga bayad sa iyong Pag-upa ÷ _____

I. BATAYANG BUWANANG BAYAD O BATAYANG ISAHANG BAYAD = \$ _____

J. BUWIS SA PAGBEBENTA/PAGGAMIT + \$ _____

K. _____ + \$ _____

L. _____ + \$ _____

M. KABUUAN NG BUWANANG BAYAD (“BUWANANG BAYAD”) O KABUUAN NG ISAHANG BAYAD (“ISAHANG BAYAD”) = \$ _____

MAAGANG PAGTATAPOS. Maaaring kailanganin mong magbayad ng malaki-laking bayad kung tatapusin mo nang maaga ang Pag-upang ito. Ang singil ay maaaring umabot nang hanggang ilang libong dolyar. Ang aktwal na singil ay ibabatay sa kung kailan tatapusin ang Pag-upa. Kung mas maaga mong tatapusin ang Pag-upa, mas malamang na magiging mas malaki ang magiging kabayaran nito.

7. LABIS-LABIS NA PAGKASIRA AT PAGGAMIT. Maaari kang singilin para sa labis-labis na pagkasira batay sa aming mga pamantayan para sa karaniwang paggamit at para sa milyahe bilang kalabisan sa iyong kinontratang haba ng milyahe (“Regular na Milyahe”, at Karagdagang Milyahe), sa \$ _____ kada milyahe. Ang “Regular na Milyahe” ay magiging _____ milyahe kada taon. Mayroon kang opsyon na bumili ng mga milyahe sa pagpirma sa Pag-upa. Sa pamamagitan nito ay sumasang-ayon ka na bumili nang _____ milyahe sa \$ _____ kada milyahe (“Karagdagang Milyahe”). Hindi mare-refund ang mga halagang ibinayad para sa Mga Karagdagang Milyahe na hindi nagamit noong winakasan ang Pag-upang ito.

8. OPSYON NG PAGBILI SA PAGTATAPOS NG TAKDANG TAGAL NG PANAHON NG PAG-UPA. May opsyon kang bilhin ang Sasakyan kapag nagwakas na ang Tagal ng Panahon ng Pag-upa para sa (i) Halagang Natitira, at (ii) anumang dapat bayarang mga Buwanang Bayad at anumang ibang halagang dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upang ito, at (iii) mga opisyal na bayad at buwis, at (iv) \$350 bayad para sa opsyon ng pagbili (ang “Bayad sa Opsyon ng Pagbili”), at (v) bayarin sa dokumento o iba pang bayaring pang-administratibo na maaaring singilin ng dealer o ng third party na nagpoproseso sa naturang pagbili, hanggang sa maximum na pinapayagan ng naaangkop na batas ng estado. Mangyaring makipag-ugnayan sa gusto mong dealer para sa halaga ng naturang dokumento at iba pang bayaring pang-administratibo.

9. OPSYON NG PAGBILI BAGO SA PAGTATAPOS NG TAKDANG TAGAL NG PANAHON NG PAG-UPA. Mayroon kang opsyon na bilhin ang Sasakyan bago sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa (i) para sa Natitirang Halaga, at (ii) anumang hindi pa nababayaranang mga Buwanang Bayad o anumang ibang halaga na dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upa na ito, at (iii) mga opisyal na bayad at buwis, at (iv) ang Batayang Buwanang Bayad na multipliy sa bilang ng Batayang mga Buwanang Bayad na hindi pa dapat bayaran (kung ito ay isang Buwanang Bayad na Pag-upa lamang), (v) bayarin sa dokumento o iba pang bayaring pang-administratibo na maaaring singilin ng dealer o ng third party na nagpoproseso sa naturang pagbili, hanggang sa maximum na pinapayagan ng naaangkop na batas ng estado, na babawasin ang (vi) hindi natamong mga Singil sa Pagrenta na kinuwenta ayon sa pamamaraang actuarial, at (vii) ang Bayad sa Opsyon ng Pagbili sa Seksyon 8 sa itaas. Mangyaring makipag-ugnayan sa gusto mong dealer para sa halaga ng dokumento o iba pang pang-administratibong bayarin.

10. IBA PANG MAHAHALAGANG TAKDA. Basahin ang lahat ng pahina ng Pag-upa na ito para sa karagdagang impormasyon sa maagang pagtatapos, mga opsyon ng pagbili, mga pananagutan sa pangangalaga, garantiya, mga singil sa huli at pagpalya sa obligasyon, seguro (insurance), at anumang bagay tungkol sa seguridad, kung naaangkop.

11. PAG-IISA-ISA NG KABUUANG HALAGANG IPINANGKAPITAL

A. Napagkasunduang Halaga ng Sasakyan Gaya nang Nilagyang Kagamitan sa Pagpirma sa Pag-upa	\$ _____	F. Opsyonal na Kontrata ng Serbisyo	+\$ _____
B. Mga aksesorya at Opsyonal na Kagamitan na Sinasang-ayunan ng Nagpapaupa na Idadagdag Pagkatapos ng Pagpirma sa Pag-upa		G. Opsyonal na Kontrata ng Pagpapanatili	+\$ _____
1. _____	+\$ _____	H. Bayad sa Pagbili	+\$ _____
2. _____	+\$ _____	I. Singil sa Pagproseso ng Dokumento (hindi isang bayad na pampamahalaan)	+\$ _____
3. _____	+\$ _____	J. Singil sa Elektronikong Paglilipat o Pagpaparehistro ng Sasakyan (hindi isang bayad na pampamahalaan)	+\$ _____
4. _____	+\$ _____	K. Mga bayad sa Gulong ng California	+\$ _____
5. _____	+\$ _____	L. _____	+\$ _____
Kabuuang Aksesorya at Opsyonal na Kagamitan na Idadagdag	+\$ _____	M. _____	+\$ _____
C. Mga Bayad sa Lisensya/Pagpaparehistro/Titulo	+\$ _____	N. _____	+\$ _____
D. Buwis sa Pagbebenta/Paggamit	+\$ _____	O. _____	+\$ _____
E. Netong Trade-In Allowance (kung negatibo)	+\$ _____	P. Kabuuan = Kabuuang Halagang Ipinangkapital	=\$ _____

12. MGA OPISYAL NA BAYAD AT BUWIS

Magbabayad ka kapag dapat bayaran ang lahat ng bayad sa lisensya, titulo, pagpaparehistro, pagsusuri, at inspeksyon ng pamahalaan at mga buwis para sa Sasakyan kasama man o hindi sa iyong Buwanan o Isahang Bayad o sa ibang halagang binabayaran ng Nagpapaupa. Babayaran mo lahat ng buwis na dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upa o nauugnay sa Sasakyan na ipinapataw ng pamahalaan laban sa iyo, sa Sasakyan, o sa Nagpapaupa, kahit na kung maging dapat silang bayaran pagkatapos ng pagtatapos ng Pag-upa. Ang iyong Buwanang Bayad ay maaaring magbago kung magbabago ang mga buwis o bayad at maaari kang hiwalay na masingil para sa mga buwis at bayad.

Ang tinatayang mga Opisyal na Bayad at Buwis na Dapat Mong Bayaran sa Panahon ng Pag-upa. Ang kabuuang halaga na tinatantya ng Nagpapaupa na iyong babayaran para sa opisyal at mga bayad sa lisensya, pagpaparehistro, titulo, at mga buwis sa buong Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, kasama man o hindi sa iyong Buwanan o Isahang Bayad o kung hindi ay tinasa: \$ _____. Ang aktuwal na kabuuan ng opisyal na mga bayad at buwis ay maaaring maging mas mataas o mas mababa depende sa mga kabayaran ng buwis na ipinapatupad, ang lokasyon o ang halaga ng Sasakyan kapag natasa ang isang bayad o buwis.

13. INSURANCE

ANG WALANG PISIKAL NA PINSALA O PANANAGUTANG NASASAKLAWAN NG SEGURO PARA SA PINSALA SA KATAWAN O PINSALA SA ARI-ARIAN NA IDINULOT SA IBA AY KASAMA SA PAG-UPANG ITO. Bilang resulta, mananagot ka para sa anumang pisikal na pinsala sa Sasakyan at anumang injury sa katawan, pagkamatay, personal na injury, o pinsala sa ari-arian dahil sa paggamit mo o ng sinumang tao sa Sasakyan. Sumasang-ayon kang panatilihin, sa buong pagpapatupad at bisa, ang pangunahin at noncontributory na insurance nang kahit man lang sa mga sumusunod na minimum na limitasyon at saklaw sa buong Tagal ng Panahon ng Pag-upa hanggang sa maibalik sa amin ang Sasakyan: (1) Insurance sa pananagutang kinakailangan ng naaangkop na batas ng estado, kabilang ang no-fault at uninsured na batas sa motorista; (2) Insurance sa banggaan na may mga limitasyong hindi bababa sa aktuwal na halaga ng Sasakyan na may maximum na deductible na \$1,000; (3) Komprehensibong insurance kabilang ang mga pinsalang dulot ng sunog, lagay ng panahon, bandalismo, at pagnanakaw, na may mga limitasyong hindi lalampas sa aktuwal na halaga ng Sasakyan na may maximum na deductible na \$1,000; at (4) nakalista ka dapat bilang insured sa insurance policy. **Nauunawaan mo na dapat bigyan ng insurance policy ang CCAP Auto Lease Ltd. ng pangunahing nasasaklawan bilang isang karagdagang nakasiguro sa Item (1) at bilang lugin binabayaran sa mga Item (2) at (3). Dapat ipahiwatig ng patakaran na ang CCAP Auto Lease Ltd. ay bibigyan nang hindi bababa sa 10 araw na abiso ng anumang pagkakansela, hindi pag-renew, pagbabawas ng limitasyon, o pagbabagong nasasaklawan ng materyales. Sumasang-ayon kang bilhin ang insurance mula sa isang kumpanya ng insurance na makatuwirang katanggap-tanggap sa CCAP Auto Lease Ltd. at bibigyan mo ang CCAP Auto Lease Ltd. ng mga inisyal na certificate at certificate sa pag-renew ng insurance para patunayan ang saklaw o coverage.**

14. MGA GARANTIYA NG SASAKYAN

Ang Sasakyan ay nasasaklawan ng pamantayang garantiya ng bagong sasakyan ng gumagawa. **IPINAPAUPA NG NAGPAPAUPA ANG SASAKYAN SA IYO NANG "AS-IS", MALIBAN LANG KUNG NAKALAN SA PAG-UPANG ITO (MALIBAN LANG KUNG IPINAGBABAWAL NG BATAS), HINDI GUMAGAWA ANG NAGPAPAUPA NG IPINAHAYAG O IPINAHIWATIG NA MGA GARANTIYA O MGA REPRESENTASYON HINGGIL SA SASAKYAN (O ANUMANG BAHAGI O AKSESORYA NITO) NG KUNDISYON, PAGKANABEBENTA, KAANGKUPAN O KAAKMAAN PARA SA ANUMANG PARTIKULAR NA LAYUNIN AT HINDI GUMAGAWA ANG NAGPAPAUPA NG IBANG REPRESENTASYON O MGA GARANTIYA NG ANO PA MAN.**

15. OPSONAL NA SEGURO AT KARAGDAGANG MGA PRODUKTO

Hindi mo kailangang bumili ng alinman sa seguro, mga kontrata, kasunduan o mga produktong nakalista sa Seksyon na ito upang upahan ang Sasakyan. Ang iyong desisyon na bilhin ang mga ito ay hindi isang dahilan sa aming desisyon na maaprobahan ang Pag-upang ito. Kukuha kami ng anumang opsyonal na (mga) nasasaklawan ng seguro na iyong iinisyalan sa ibaba. Ang abiso na iyong matatanggap kapag pinirmahan mo ang Pag-upang ito ay maglalarawan sa (mga) nasasaklawan nang mas detalyado. Ang segurong pangbuhay at segurong pangkapananan ay maaaring masaklawan ang mga buwis at iba pang halagang dapat bayaran bukod sa mga Batayang Buwanang Bayad.

Opsyonal na Produkto	Singil o Premium	Nasasaklawan	Provider	Tagal ng Panahon	Sa pag-iinisyala sa ibaba ipinapahiwatig mo na pinipili mong bilhin ang Opsyonal na Produkto
Kontrata ng Serbisyo	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyala ng Umuupa/Kapwa-Umuupa
Kontrata ng Pagpapanatili	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyala ng Umuupa/Kapwa-Umuupa
Pagkasira sa Paggamit	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyala ng Umuupa/Kapwa-Umuupa
Iba pa _____	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyala ng Umuupa/Kapwa-Umuupa
Iba pa _____	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyala ng Umuupa/Kapwa-Umuupa

16. MGA HULING SINGIL / SINGIL SA IBINALIK NA INSTRUMENTO / DEPOSITO NG SEGURIDAD

- A. MGA HULING SINGIL.** Kung ito ay isang Isahang Bayad na Pag-upa, hindi ka mananagot para sa anumang huling mga pagsingil. Kung ito ay isang Buwanang Bayad na Pag-upa, at kung hindi natatanggap ng Nagpapaupa ang lahat o anumang bahagi ng anumang bayad sa loob nang 10 araw ng petsa na dapat bayaran, dapat mong bayaran ang Nagpapaupa ng huling singil na \$35 o naturang mas mababa sa pinakamataas na halaga na maaaring itakda ng batas.
- B. SINGIL SA IBINALIK NA INSTRUMENTO.** Kung ang anumang tseke, draft o katulad na instrumento na iyong ipadadala bilang kabayaran ay ibabalik sa amin na hindi bayad para sa anumang dahilan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga pondong hindi sapat, dapat kang magbayad ng singil sa ibinalik na instrumento na \$25, o mas mababang naturang halaga na pinapahintulutan ng batas, bilang karagdagan sa anumang halaga na sinisingil sa iyo ng sinumang ibang partido at ang halaga ng hindi binayarang instrumento. Kung walang naturang halaga ang pinapahintulutan ng batas, hindi ka magkakautang ng singil sa ibinalik na instrumento.
- C. NAIBABALIK NA DEPOSITO NG SEGURIDAD.** Sumasang-ayon ka na ang deposito ng seguridad ay maaaring kailanganin sa Pag-upang ito at maaaring panghawakan ng Nagpapaupa na iyon ang deposito ng seguridad. Ang anumang interes o benepisyong hinggil sa pera na maaaring madagdag ay hindi babayaran sa iyo at hindi gagamitin para mabawasan ang iyong obligasyon sa ilalim ng Pag-upa na ito. Ang deposito sa seguridad ay hindi maaaring gamitin para sa Buwanang Bayad. Pananatilihin ng Nagpapaupa ang anumang halagang pinanghawakan bilang isang deposito ng seguridad hanggang sa mabayaran nang ganap ang lahat ng halagang dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upang ito, kabilang ang mga buwis ng pansariling ari-arian, at maaaring gamitin ng Nagpapaupa ang deposito ng seguridad laban sa anumang hindi pa nababayaran mga halaga.

17. PAGGAMIT NG SASAKYAN / PAGPAPANATILI

- A. PAGGAMIT NG SASAKYAN.** Magiging responsable ka sa lahat ng gastusin sa pangangasiwa na magmumula sa paggamit ng Sasakyan. Ipinangako mo na ni ikaw o ni hindi ang sino pa man ay: (1) gagamitin ang Sasakyan sa anumang paraan kung saan ay ilegal; (2) gagamitin ang Sasakyan sa anumang paraan kung saan ay magdudulot ng pagkakansela o suspensyon ng kinakailangang seguro, garantiya o ibang proteksyon; (3) gagamitin ang Sasakyan bilang isang pampubliko o pribadong tagapaghatid; (4) maglilipat sa Sasakyan nang higit sa 30 araw mula sa estado kung saan ka naninirahan o mula sa Estados Unidos; (5) mag-iiba o mag-aalis ng kagamitan mula sa Sasakyan kung saan ay mapabababa ang halaga nito; (6) gagamitin ang Sasakyan sa isang serbisyong livery (kuwadra ng kabayo) o paghahatid ng mga pakete o tao para upahan; (7) magpapatakbo sa Sasakyan nang walang kinakailangang lisensya sa pagmamaneho o nasasaklawan ng seguro; (8) hindi makagagawang magbayad ng anumang multa, toll, tiket o parusang nauugnay sa Sasakyan. Kung hindi mo magagawang magbayad, ire-reimburse mo kami at magbabayad ng \$25 na bayad pang-administrasyon kada pangyayari, kung saan ay pinapahintulutan ng batas, para sa anumang multa, toll, tiket, parusa o iba pang halagang binabayaran sa ngalan mo, kahit na hilingin ang kabayaran pagkatapos ng pagtatapos ng Pag-upang ito.
- B. PAGPAPANATILI NG SASAKYAN.** Dapat mong panatilihin ang Sasakyan sa parehong kundisyon gaya nang inupahan mo ito, ang normal na pagkasira sa paggamit ay inaasahan. Dapat sa iyong gastos, ay panatilihin ang Sasakyan sa magandang tumatakbong kaayusan at hitsura at panatilihin ang Sasakyan nang naaayon sa lahat ng legal na kinakailangan (kabilang ang mga inspeksyon), ang mga rekomendasyon ng gumawa at mga kinakailangan ng garantiya, kabilang ang pagpapaserbisyo hinggil sa anumang nakumpletong kampanya ng pagbawi at pagpapatibay. Ang Nagpapaupa ay may karapatang inspeksyunin ang Sasakyan sa anumang oras. Ang Nagpapaupa ay walang obligasyon na magbigay ng kapalit na sasakyan para sa anumang dahilan. Sumasang-ayon ka na itatago at pananatilihin ang lahat ng record ng serbisyo sa Sasakyan sa panahon ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa at ibibigay ang naturang mga record sa Nagpapaupa sa katapusan ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa.
- C. BAYAD-PINSALA.** Sumasang-ayon ka na babayaran-ang-pinsala at paninindigan na kami at ang aming mga pagtatalaga, mga ahente at mga tagapagseguro ay hindi mananagot sa lahat ng claim, demanda, parusa, multa, pagkalugi at gastusin (kabilang ang makatwirang mga bayad sa abogado hanggang sa sukdulang hindi ipinagbabawal ng batas) na nagmumula sa pagtataglay ng Sasakyan, paggamit, kundisyon o operasyon, kabilang ang mga claim batay sa tamang pananagutan.

18. KARAPATANG TAPUSIN NANG MAAGA

- A. KARAPATAN NG UMUUPA NA TAPUSIN NANG MAAGA.** Maaari mong tapusin ang Pag-upang ito sa anumang oras bago matapos ang Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa. Kung pipiliin mong tapusin ang Pag-upang ito bago sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa at hindi mo gagamitin ang iyong Opsyon ng Pagbili, ang singil para sa naturang maagang pagtatapos ay ang Pananagutan sa Maagang Pagtatapos (Early Termination Liability) gaya nang tinukoy sa ibaba sa Seksyon 19.
- B. KARAPATAN NG NAGPAPAUPA NA TAPUSIN NANG MAAGA.** Maaaring tapusin ng Nagpapaupa ang Pag-upang ito bago sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa kung ikaw ay Default (Papalya sa obligasyon). Kung hindi mo gagamitin ang iyong Opsyon ng Pagbili, sa oras ng pagtatapos, magiging karapat-dapat ang Nagpapaupa sa mga sumusunod na pagsingil: (1) ang Pananagutan sa Maagang Pagtatapos tulad ng tinukoy sa ibaba sa Seksyon 19; at (2) makatwirang mga gastusin, kung mayroon man, natamo bilang isang direkta ng resulta ng muling pagkuha sa Sasakyan, paghawak dito, paghahanda dito para ibenta at pagbenta dito; at (3) kung uupa ang Nagpapaupa ang abogado na hindi isang sinusuwelduhang empleyado ng Nagpapaupa na kolektahin kung magkano ang utang mo, sumasang-ayon ka na magbabayad ng makatwirang mga bayad sa abogado.

19. PANANAGUTAN SA MAAGANG PAGTATAPOS

- A. BUWANANG BAYAD NA PAG-UPA.** Para sa isang Buwanang Bayad na Pag-upa, kung matatapos ang Pag-upa na ito nang maaga, sumasang-ayon ka na babayaran ang suma ng Item (1) hanggang (5) gaya nang mga sumusunod:
1. Ang anumang hindi nabayaran Buwanang Bayad na natamo hanggang sa petsa ng pagtatapos, at
 2. Ang Bayad sa Pagbalik na \$495 o, kung mababawi namin ang Sasakyang, imbes na Bayad sa Pagbalik, ang aktuwal na gastusin na aming natamo hinggil sa pagbawi, pagkuha, pagtatago, paghahandang ibenta, at pagbebenta sa Sasakyang, kabilang ang transportasyon at pagsasaayos, at
 3. Opisyal na bayad at buwis hinggil sa pagtatapos, at
 4. Lahat ng iba pang halagang dapat bayaran at pagkakautang sa ilalim ng Pag-upa na ito, maliban sa labis na pagkasira at milyahe, at
 5. Ang maagang singil sa maagang pagtatapos ay katumbas sa halaga kung saan lumalampas ang Itinamang Balanse ng Pag-upa (Adjusted Lease Balance) sa Realized Value ng Sasakyang sa pagtatapos.
- B. ISAHANG BAYAD NA PAG-UPA.** Para sa Isahang Bayad na Pag-upa, kung matatapos nang maaga ang Pag-upang ito, sumasang-ayon ka na babayaran ang suma ng mga item (1) hanggang (4) gaya nang mga sumusunod:
1. Ang Bayad sa Pagbalik na \$495 o, kung mababawi namin ang Sasakyang, imbes na Bayad sa Pagbalik, ang aktuwal na gastusin na aming natamo hinggil

- sa pagbawi, pagkuha, pagtatago, paghahandang ibenta, at pagbebenta sa Sasakyang, kabilang ang transportasyon at pagsasaayos, at
 2. Opisyal na bayad at buwis hinggil sa pagtatapos, at
 3. Lahat ng iba pang halagang dapat bayaran at pagkakautang sa ilalim ng Pag-upa na ito, maliban sa labis na pagkasira at milyahe, at
 4. Ang maagang singil sa maagang pagtatapos ay katumbas sa halaga kung saan lumalampas ang Itinamang Balanse ng Pag-upa (Adjusted Lease Balance) sa Realized Value ng Sasakyang sa pagtatapos.
- Kung ito ay Isahang Bayad na Pag-upa at kung magaganap ang Maagang Pagtatapos, at lumampas ang Realized Value sa Itinamang Balanse ng Pag-upa, sumasang-ayon ka na babayaran ang suma ng mga item (1) hanggang (3) sa Seksyon 19.B at magiging karapat-dapat ka sa isang kreditong ("Kredito ng Pagtatapos ng Isahang Bayad") katumbas sa mas mababa sa (i) halaga kung saan lumalampas ang Realized Value sa Itinamang Balanse ng Pag-upa, o (ii) ang produkto ng Isahang Bayad na hinati sa Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa na minitiplika sa bilang ng buong mga buwan na natitira hanggang sa nakatakdang pagtatapos. Anumang halaga kung saan lumalampas ang Kredito ng Pagtatapos ng Isahang Bayad sa suma ng mga item (1) hanggang (3) sa Seksyon 19.B ay maibabalik sa iyo. Kung ang suma sa Item (1) hanggang (3) sa Seksyon 19.B ay lalampas sa Kredito ng Pagtatapos ng Isahang Bayad, magkakautang ka ng diprensya.

20. ITINAMANG BALANSE NG PAG-UPA

- A. BUWANANG BAYAD NA PAG-UPA.** Para sa isang Buwanang Bayad ng Pag-upa, ang iyong Itinamang Balanse ng Pag-upa ay ang Itinamang Halagang Ipinangkapital na ibinunyang sa harap ng Pag-upa na ito, bawasin ang lahat ng Pagbaba at iba pang natamong Halaga ng Hinuhulugan hanggang sa petsa ng pagtatapos, kinuwenta ayon sa Constant Yield Method. Ang ibig sabihin ng "Constant Yield Method" ay ang pamamaraan ng pag-alam sa bahagi ng Singil sa Pag-upa ng bawat Batayang Buwanang Bayad, kung saan ang Singil sa Pagrenta para sa bawat buwan ay natatamo nang maaga sa pamamagitan ng pagmoltiplika sa hindi nagbabagong rate na ganap sa Pag-upa na imumultiplika sa balanse na sasailalim sa Singil sa Pagrenta habang bumababa ito sa panahon ng Nakatakdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa. Sa anumang oras sa panahon ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, ang balanseng sasailalim sa Singil sa Pagrenta ay ang diprensya sa pagitan ng Itinamang Halagang Ipinangkapital at sa suma ng (1) lahat

- ng Pagbaba at iba pang natamong Halaga ng Hinuhulugan sa panahon ng mga nauunang buwan at (2) ang unang Batayang Buwanang Bayad.
- B. ISAHANG BAYAD NA PAG-UPA.** Para sa Isahang Bayad na Pag-upa, ang Itinamang Balanse ng Pag-upa sa itinakdang panahon ay inaalam sa pamamagitan ng pagdaragdag sa inisyal na balanse na sasailalim sa mga Singil sa Pagrenta lahat ng natamong mga Singil sa Pagrenta mula sa buwan ng pagkuwenta. Ang mga Singil sa Pagrenta na natamo sa isang hindi nababagong rate kung saan, buwanang ipinagsasanib at idinadagdag sa inisyal na balanseng sasailalim sa Singil sa Pagrenta, ay magsasanhi sa Itinamang Balanse sa Pag-upa na tumaas sa Halaga ng Natitira sa takdang tagal ng panahon ng Pag-upa. Ang inisyal na balanseng sasailalim sa Singil sa Pagrenta ay ang Itinamang Halaga ng Hinuhulugan bawasin ang Isahang Bayad, hindi kasama ang mga buwis.

21. REALIZED VALUE NG SASAKYAN

- A. REALIZED VALUE.** Ang Realized Value ay kinukuwenta gaya nang mga sumusunod: (1) kung magpapanatili ka ng seguro sa Sasakyang gaya nang kailangan sa Pag-upa at sa Sasakyang ay isang Total Loss bilang isang resulta ng pagnanakaw o pinsala, ang halaga ng anumang naaangkop na babawasin ng seguro na utang mo ay ang mga kasunduan ng claim ng seguro na natatanggap namin, maliban na lang kung mapagkasunduan namin ang mas mataas na halaga, (2) kung pipiliin mong magsagawa ng pagtatasa bilang ibinibigay sa Regulation M at ipinapahayag sa Seksyon 21.B, ang halaga ay inaalam sa pagtasa, (3) kung pipiliin namin na panatilihin ang pagmamay-ari ng Sasakyang para gamitin o para ipaupau sa isang susunod na upua, ang wholesale na halaga ng Sasakyang gaya ng ipinahiwatig sa isang kinikilalang gabay sa halaga ng nagamit nang sasakyang ng

- mga dealer ng sasakyang de-motor ng California para lagyang halaga ang mga sasakyang sa California na nasa kasalukuyan sa panahon ng pagtatapos, kabilang, ngunit hindi limitado sa, Black Book, na isinasaalang-alang ang milyahe at pisikal na kundisyon ng Sasakyang o (4) ang presyong ibinabayad para sa Sasakyang sa oras ng pag-aayos.
- B. MALAYANG PAGTATASA.** Kung maagang wawakasan ang Pag-upang ito, maaari kang makakuha, sa sarili mong gastos, mula sa isang malayang ikatlong partido na sumasang-ayon sa parehong Umuupa at Nagpapaupa, ng propesyonal na pagtatasa ng wholesale na halaga ng Sasakyang kung saan ay maaaring mabatid sa pagbenta. Ang natasang halaga ay gagamitin bilang ang Realized Value.

22. PANANAGUTAN SA NAKATAKDANG PAGTATAPOS / LABIS-LABIS NA PAGKASIRA

- A. PANANAGUTAN SA NAKATAKDANG PAGTATAPOS.** Sa oras ng pagtatapos ng Pag-upa gaya nang itinakdang sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, magiging utang mo ang lahat ng halaga ng dapat bayaran at hindi pa nababayaran, mga singil sa Labis-labis na Pagkasira (Seksyon 22.B) at para sa labis na milyahe nang naaayon sa Seksyon Z, at isang Bayad sa Pag-aayos na katumbas sa \$395 o ang pinakamataas na pinapahintulutan ng naaangkop na batas, kung mas mababa.
- B. LABIS-LABIS NA PAGKASIRA.** Responsable ka sa pagkukumpuni ng lahat ng pinsala at pagkasira na lampa sa mas mababang pagkasira na makatwirang inaasahan na magresulta sa ordinaryong paggamit at pang-araw-araw na paggamit, na ipapalagay na gagamitin mo ang Sasakyang gaya nang pinapahintulutan ng Pag-upa na ito (tingnan ang Seksyon 17.A) at panatilihin ito gaya nang hinihingi ng Pag-upa na ito (tingnan ang Seksyon 17.B) ("Labis-labis na Pagkasira"). Kasama sa Labis-labis na Pagkasira, ngunit hindi limitado sa: (i) nasira, nabitak, natapyas, nagasgas o kumupas na salamin; (ii) pinsala sa o pagkasira

- ng katawan, gawaing metal, kaayusan o pintura, kabilang, sa pamamagitan ng halimbawa, pinsala o pagkasira na kinakailangan ng pagtutuwid ng metal o muling pagpapakinis ng katawan; (iii) nasunog, napunit o namantsahang dash, mga takip sa sahig, mga upuan, headliner, upholstery o gawain sa interior; (iv) hindi magkatugmang mga gulong o goma (kabilang ang spare) na nawawala, wala sa ligtas na kundisyon, o may mababa sa 4/32nd ng pulgada ng lalim ng tread; (v) hindi ligtas o labag sa batas na kundisyon ng pagpapatakbo; (vi) hindi nakumpuni o hindi napalitang mga piyansang hinggil sa makina kung saan ay maaaring nakumpuni o napalitan sa panahon ng normal na serbisyo ng Sasakyang, kabilang, sa pamamagitan ng halimbawa ngunit hindi limitado sa, mga kambiyong, bahagi ng air conditioning, mga makina, mga bahagi ng power steering o electrical, o brakes kung saan ay kinakailangan ng anumang pagkukumpuni; (vii) anumang ibang pinsala, sinasaklawan man ito o hindi ng seguro; (viii) anumang kinumpuni o pinalitang mga piyasa kung saan ay hindi namin inaprubahan; at (ix) nawawalang mga aksesorya o kagamitan na kasama sa Sasakyang nang ipinadala ito.

23. OPSYON NG PAGBILI

- A. PAGTATAPOS NG TAKDANG TAGAL NG PANAHON NG PAG-UPA.** Sa nakatakdang pagtatapos ng Pag-upa, maaari mong bilhin ang Sasakyang nang "AS IS". Dapat mong abisuhan ang Nagpapaupa sa iyong balak na gamitin ang Opsyon ng Pagbili. Kung gagamitin mo ang Opsyon ng Pagbili sa nakatakdang pagtatapos ng Pag-upa, sumasang-ayon ka na babayaran ang Nagpapaupa ng sumang katumbas sa:
1. Ang Halaga ng Natitira;
 2. At anumang dapat bayaran na mga Buwanang Bayada at anumang ibang halagang dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upa na ito;
 3. At ang Bayad sa Opsyon ng Pagbili, na inilarawan sa Seksyon 8 ng Pag-upang ito;
 4. At anumang mga opisyal na bayad, buwis at iba pang nauugnay sa pagbili ng Sasakyang.
- B. BAGO SA PAGTATAPOS NG TAKDANG TAGAL NG PANAHON NG PAG-UPA.** Mayroon kang Opsyon ng Pagbili ng Sasakyang nang "AS IS" sa anumang oras bago sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa. Dapat mong abisuhan ang Nagpapaupa bago mo gamitin ang Opsyon ng Pagbili. Kung gagamitin mo ang Opsyon ng Pagbili sa anumang oras bago sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, sumasang-ayon ka na babayaran ang Nagpapaupa ng sumang katumbas sa:
1. Anumang dapat bayarang mga Buwanang Bayad at anumang ibang halagang dapat bayaran sa ilalim ng Pag-upang ito;

2. At anumang mga opisyal na bayad, buwis at iba pang nauugnay sa pagbili ng Sasakyang.
3. At Halaga na Natitira;
4. At ang Opsyon ng Pagbili na inilarawan sa Seksyon 9 ng Pag-upang ito;
5. At ang Batayang Buwanang Bayad na minitiply sa bilang ng Batayang mga Buwanang Bayad na hindi pa dapat bayaran lamang kung ito ay isang Buwanang Bayad sa Pag-upa;
6. Bawasin ang hindi kinitang mga Singil sa Pagrenta na kinuwenta ayon sa pamamaraang actuarial. Ang ibig sabihin ng katawagang "pamamaraang actuarial" ay ang pamamaraan ng paglalaan sa mga Batayang Buwanang Bayad sa pagitan ng: (i) ang pagbabawas ng Itinamang Halagang Ipinangkapital sa Natitira ng Halaga sa Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa; at (ii) mga Singil sa Pagrenta. Sa ilalim ng pamamaraang ito, ginagamit muna ang Batayang Bayad sa naipong Singil sa Pagrenta at ang anumang natitira ay ibinabawas mula sa, o anumang kakulangan ay idinadagdag sa, balanse ng Itinamang Halagang Ipinangkapital. Ang mga Singil sa Pagrenta ay kinikita sa isang naka-set na buwanang takda nang walang pagtatangi sa kung kailan natatanggap ang Buwanang Bayad. Ang mga Singil sa Pag-upa ay nasa kanilang pinakamataas sa umpisa ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa at pagbaba sa kanilang pinakamababa sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa.

©2020 Chrysler Capital. Ang Chrysler Capital ay isang rehistradong trademark ng FCA US LLC at lisensyado sa Santander Consumer USA Inc.

Ang mga kasunduan sa pag-upa ay pag-aari ng CCAP Auto Lease Ltd. At sinerbisuhan ng Chrysler Capital.

24. PAGBABALIK NG SASAKYAN / EKSTENSYON NG PAG-UPA

A. PAGAULI/PAGPAPANATILI NG SASAKYAN. Kung tatapusin man o hindi nang maaga ang Pag-upa o gaya nang nakatakda, dapat mong ibalik ang Sasakyan sa lugar na tinukoy ng Nagpapaupa, kung hindi mo gagamitin ang iyong opsyon ng pagbili, gaya nang inilarawan sa **Seksyon 23** sa itaas. Kung hindi mo magagawang maibalik ang Sasakyan sa tinukoy ng lugar ng Nagpapaupa, dapat mo kaming bayaran ng bayad sa transportasyon na \$150. Wala kang karapatan na panatilihin ang Sasakyan pagkatapos ng pagtatapos ng Pag-upa at ang anumang pagpapaliban nang walang pahintulot ng Nagpapaupa ay isang pagpalya sa obligasyon (default) sa ilalim ng Pag-upa, gaya nang napagkasunduan sa ilalim ng **Seksyon 26**. Kung pananatilihin mo ang Sasakyan na lampas sa pagtatapos ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa nang hindi sumasang-ayon sa isang ekstensyon sa ilalim ng **Seksyon 24.B**, mananagot ka para sa mga karagdagang bayad-pinsala na katumbas sa \$150, at (i) sa isang Buwanang Bayad na Pag-upa, isang Buwanang Bayad para sa bawat buwan o bahagi nito na pananatilihin mo ang Sasakyan, o (ii) sa isang Isahang Bayad na Pag-upa, ang Isahang Bayad

hahatiin sa bilang ng mga buwan sa Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, at anumang naaangkop na mga buwis, para sa bawat buwan o maliit na bahagi nito hanggang sa maibalik ang Sasakyan. Ang kabayaran ng naturang mga pinsala ay hindi ka hahandugan ng karapatan sa pagmamay-ari para sa natitira ng naturang buwan o para sa anumang panahon sa anumang paraan.

B. EKSTENSYON NG PAG-UPA. Sa oras ng nakasulat na pag-apruba ng Nagpapaupa, sa tanging diskresyon ng Nagpapaupa, matapos ang pagtatapos ng orihinal na Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa, magbabayad nang \$100 na bayad sa ekstensyon ng pag-upa para sa prebilihio ng pagpapalawig sa Pag-upang ito. Nauunawaan mo na ang lahat ng kontraktual na obligasyon ay lalapat sa ilalim ng anumang naaprubahang ekstensyon at ang naturang ekstensyon na iyon ay hindi lalampas nang tatlong (6) buwan ang itatagal. Sa kaso ng naturang ekstensyon, bilang karagdagang mga takdang tagal ng panahon ng Buwanang o Isahang Bayad ay tutukuyin sa isang Kasunduan ng Ekstensyon ng Pag-upa sa pagitan mo at namin.

25. TOTAL LOSS / PAG-URONG NG HALAGA NG AGWAT

A Nagaganap ang Total Loss, at ang Sasakyan ay isang Total Loss, kung ang Sasakyan ay nawala o ninakaw at hindi nabawi, nasira, inihayang na hindi angkop para gamitin o may pinsala kung saan ang Sasakyan ay hindi tunay na nakukumpuni gaya nang napagpasyahan ng iyong tagapagseguro. Kung ang Sasakyan ay sumasailalim sa isang Total Loss:

1. Aabisuhan mo kami at ang kumpanya ng iyong seguro sa loob nang dalawampung-apat (24) na oras pagkatapos ng anumang pinsala, pagkawala, pagnanakaw, pag-agaw o pagsamsam ng Sasakyan.
2. Kung ipinapatupad mo ang kinakailangang seguro ng sasakyan sa ilalim ng Pag-upa na ito sa panahon ng Total Loss, iuurong ng Nagpapaupa ang singil sa maagang pagtatapos na ipinahayag sa **Seksyon 19.A.5**. Babayaran

mo sa Nagpapaupa ang suma ng: (a) lahat ng lampas na sa taning na Buwanang Bayad at anumang ibang halaga na nakalipas na dapat bayaran sa panahon ng pagkawala o naging dapat bayaran hanggang sa matanggap ng Nagpapaupa ang iyong ganap na nalikom na seguro; at (b) ang halaga ng iyong babawasin. Kahit na nakasiguro ang Sasakyan, dapat mong patuloy na bayaran ang anumang naaangkop na mga Buwanang Bayad hanggang sa matanggap ng Nagpapaupa ang iyong ganap na nalikom na seguro. Kung hindi mo ipinapatupad ang kinakailangang seguro sa ilalim ng Pag-upang ito, o tinanggihan ang Total Loss ng iyong tagapagseguro sa kadahilanan ng iyong mapanlinlang o mga kriminal na gawain, ang ipinahayag na singil sa maagang pagtatapos sa **Seksyon 19.A.5** ay hindi iuurong at magkakautang ka ng Pananagutan sa Maagang Pagtatapos na ipinahayag sa **Seksyon 19**.

26. PAGPALYA SA OBLIGASYON

A. PAPALYA KA SA OBLIGASYON KUNG MANGYAYARI ANG ALINMAN SA SUMASUNOD:

1. Hindi mo nagawang bayaran ang anumang bayad sa ilalim ng Pag-upa na ito kapag dapat nang bayaran;
2. Hindi mo nagawang panatilihin nakaseguro ang Sasakyan gaya nang kinakailangan ng Pag-upa na ito o tinanggihan ng tagapagseguro ang ganap na nasasaklawan o pananagutan;
3. Hindi mo nagawang ibalik ang Sasakyan sa oras ng pagtatapos ng Pag-upa na ito;
4. Hindi mo nagawang tumalima sa alinman sa mga takda at kundisyon ng Pag-upang ito;
5. Sasailalim ka sa isang paglilitis sa pagkabangkarote, pagpapasakamay o kawalan ng ibabayad o gagawa ka ng pagtatalaga para sa benepisyo ng mga pinagkakautangan;
6. Namatay ka sa panahon ng Takdang Tagal ng Panahon ng Pag-upa;
7. **Magreenta ka, mag-sublease, magtalaga, o kung hindi ay maglipat ng anumang interes sa Pag-upang ito, sa Sasakyan, o karapatang gamitin ang Sasakyan, nang wala ang paunang nakasulat na pahintulot ng Nagpapaupa;**
8. Gagawa ka ng anumang pagsisinungaling sa iyong aplikasyon para sa kredito;
9. hindi nagawang sagutin ang pagpapatawad ng trapiko o bayaran ang anumang tiket pangtrapiko o iba pang multa kung kailan dapat bayaran;
10. kinuha o kinumpiska ang Sasakyan sa anumang kadahilanan ng isang ahensiya sa pagpapatupad ng batas; o
11. Ano pamang bagay na magaganap na pinapaniwalaan ng Nagpapaupa na maisasapanganib ang Sasakyan o ang kundisyon nito, ay makasasama sa iyong kakayahang magbayad o makompromiso ang interes sa pagmamay-ari ng Nagpapaupa sa Sasakyan.

B. MGA KARAPATAN NG NAGPAPAUPA SA ORAS NG PAGPALYA SA OBLIGASYON (KABILANG ANG KARAGDAGANG MGA HALAGA NA MAGIGING UTANG MO SA ORAS NG PAGPALYA SA OBLIGASYON). Kung pumalya ka sa obligasyon ang Nagpapaupa ay maaaring:

1. Tapusin ang Pag-upa na ito at hilingan kang bayaran ang halaga na iyong nautang (a) sa ilalim ng **Seksyon 19** kung tinapos mo ang Pag-upa bago sa simula ng huling buwanang panahon; o (b) sa ilalim ng **Seksyon 22.A** kung tatapusin mo ang Pag-upa sa o pagkatapos ng simula ng huling buwanang panahon.
 2. Kunin ang Sasakyan mula sa iyo nang walang paghahabol. Kung pinahintulutan ng batas, maaaring pumunta ang Nagpapaupa sa iyong ari-arian para kunin ang Sasakyan. Kung may elektronikong panghanap na aparato ang Sasakyan, maaaring gamitin ng Nagpapaupa ang aparato para mahanap ang Sasakyan maliban lang kung ipinagbabawal ng batas.
 3. Idemanda ka para sa mga bayad-pinsala at para mabawi ang Sasakyan.
 4. Ipagpatuloy ang anumang ibang remedyo na ipinagkakaloob ng batas.
- Gagamitin ng Nagpapaupa ang mga karapatan nito nang hindi nilalabag ang katahimikan, at sa makatwirang mga panahon at lugar, sa isang makatwirang paraan, at habang pinahintulutan ng batas. Maaaring kunin at itago ng Nagpapaupa ang anumang personal na item na nasa Sasakyan. Kung hindi mo hihilingin na ibalik ang mga item maaaring idispatsa ng Nagpapaupa ang mga ito habang pinahintulutan ng batas. Babayaran mo ang makatwirang mga gastos ng Nagpapaupa sa pag-akson sa mga ito habang pinahintulutan ng batas. Maaaring kasama sa mga gastusing ito ang mga gastos sa pagkuha at pagtago sa Sasakyan, mga bayad sa abogado, gastos sa koleksyon at mga gastos sa korte kung pinahintulutan sa ilalim ng batas ng estado.

27. ARBITRASYON

SUMASANG-AYON KA NA ANG ANUMAN AT LAHAT NG CLAIM AY MARERESOLBA SA PAMAMAGITAN NG INDIBIDWAL NA ARBITRASYON AT HINDI SA KORTE KUNG HIHLING KA O ANG NAGPAPAUPA NG ARBITRASYON. KINIKILALA MONG INUURONG MO ANG KARAPATAN MONG MADINIG SA KORTE AT SA PAGLILITIS NG JURY. INUURONG MO RIN ANG LAHAT NG KARAPATAN NA MAGPATULOY SA ISANG CLASS ACTION O CLASS ARBITRATION. Ang anumang kontrobersya o claim sa pagitan o kabilang ka at Nagpapaupa, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga nagmumula o nauugnay sa Sasakyan, ang Pag-upang ito o anumang kaugnay na kasunduan o anumang claim batay sa o nagmumula sa isang sinasabing anumang nagawang mali, sa kahilingan ng alinmang partido ay mapagpasyahan ng indibidwal na arbitrasyon maliban lang sa mga paglilitis sa maliit na korte ng claim, sariling-tulong na pagbawi ng sasakyan, at iba pang sariling-tulong tulad ng paggamit sa mga ipinahiwatig na karapatan. Ang arbitrasyon ay pamamahalaan ng Federal Arbitration Act (Title 9, U.S. Code), sa kabila ng anumang pagpipilian ng probisyon ng batas sa Pag-upang ito, at sa ilalim ng kapangyarihan at sa naaangkop na mga tuntunin ng consumer at mga pamamaraan ng American Arbitration Association ("AAA") na makikita sa www.adr.org o sa pamamagitan ng pagkontak sa AAA sa 800-778-7879. Kung hindi na pamamagitan ng AAA ang klase ng pagtatalo at isyu, ang organisasyon ng arbitrasyon ay magiging isang organisasyon na iyong imumungkahi na katanggap-tanggap sa Nagpapaupa at ang mga tuntunin at pamamaraan ay magiging mga tuntunin at pamamaraan ng organisasyon ng arbitrasyon na iyon. Ang (mga) arbitrador ay dapat maging lisensyadong mga abogado. Ang arbitrasyon ay gaganapin sa estado kung saan ka naninirahan at lalapang ang batas ng estado kung saan naroon ang Dealer. Kung hindi ka naninirahan sa Estados Unidos, gaganapin ang arbitrasyon sa estado kung saan naroon ang Dealer. Paunang babayaran ng Nagpapaupa ang lahat ng administratibong bayad ng forum ng arbitrasyon, kung saan ay maaaring pagpasyahan ng (mga) arbitrador na dapat magbayad maliban lang kung ang naturang muling pagbabayad ay magiging ipinagbabawal sa ilalim ng batas ng estado kung resolbahin ang pagtatalo sa korte. Ang mananagot sa pagbabayad sa mga gastusin, bayarin sa abogado, at mga gastos, ay tutukuyin ng (mga) arbitrador gamit ang batas ng estado. Ni ang Nagpapaupa ni hindi ikaw ang magiging karapat-dapat na ipagsama o pag-isahin ang mga pagtatalo ng o laban sa iba sa anumang arbitrasyon, o isama sa anumang arbitrasyon anumang pagtatalo bilang isang kinatawan o miyembro ng isang class, o tumayo sa anumang arbitrasyon sa interes ng pangkalahatang publiko o sa isang kapasidad ng pribadong pangunahing legal na opisyal. Kung ang pag-urong ng paglilitis na class ay hindi maisasakatuparan, ang buong probisyon ng arbitrasyon ay mawawalang bisa at ang natitira sa Pag-upa ay mananatiling naipapatupad. May karapatan ka na hindi sumali sa arbitrasyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa amin nang nakasulat sa 1601 Elm Street, Suite 800, Dallas, TX 75201 sa loob nang 30 araw pagkatapos ng pagsasagawa ng Pag-upa.

©2020 Chrysler Capital. Ang Chrysler Capital ay isang rehistradong trademark ng FCA US LLC at lisensyado sa Santander Consumer USA Inc.

Ang mga kasunduan sa pag-upa ay pag-aari ng CCPA Auto Lease Ltd. At sineresbisuhan ng Chrysler Capital.

28. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

- A. INTERES/SET OFF NG SEGURIDAD.** Pinagkakalooban mo ang Nagpapaupa ng interes ng seguridad, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas ng estado, sa nawalang nalikom ng anumang seguro ng sasakyan, mga kontrata ng serbisyo o mga produktong tinustusan hinggil sa Pag-upang ito at sa anumang refund ng premium para sa naturang seguro, mga kontrata ng serbisyo o iba pang produkto para mabantayan ang pagganap ng iyong mga obligasyon sa ilalim ng Pag-upa na ito. Pinagkakalooban mo ang Nagpapaupa ng karapatan na mag-set-off ng mga halagang utang mo sa Nagpapaupa laban sa anumang halagang utang ng Nagpapaupa sa iyo nang walang abiso o paghahabol maliban lang gaya nang hinihingi ng naaangkop na batas.
- B. LIMITADONG KAPANGYARIHAN NG ABOGADO.** Hinirang mo kami o ang aming ahente bilang iyong attorney-in-fact para gawin ang sumusunod: (1) pagpasyahan ang anumang claim ng seguro na kaugnay sa Sasakyan; (2) i-endorso ang iyong pangalan sa anumang tseke o draft na aming natatanggap para sa bawad-pinsala o pagkawala ng Sasakyan; at (3) para pirmahan ang iyong pangalan sa anumang titulo, pagpaparehistro o ibang katulad na mga dokumentong nauugnay sa Sasakyan. Ang power of attorney na ito ay sinamahan ng interes sa Sasakyan at hindi ito nababawi.
- C. KARAGDAGANG MGA KREDITO AT MGA HALAGANG DAPAT BAYARAN.** Paano man magtatapos ang Pag-upa, magkakautang ka sa Nagpapaupa ng anumang kabayaranang hindi pa nababayaran at mga buwis, kabilang ang anumang buwis sa kung ano ang pagkakautang mo dahil ang Pag-upa ay matatapos nang maaga, at anumang halagang dapat bayaran dahil nilabag mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Pag-upa na ito. Maaaring kanselahin ng Nagpapaupa ang anumang opsyonal na seguro o serbisyo, pagpapanatili, o iba pang kontrata na tinutustusan ng Nagpapaupa para sa iyo. Bibigyan ka ng kredito ng Nagpapaupa para sa anumang halagang matatanggap ng Nagpapaupa mula sa naturang pagkakansela, maliban lang kung lalapit ang Pag-urong ng AGWAT sa [Seksyon 25](#).
- D. PAHAYAG NG ODOMETER.** Sumasang-ayon ka na pananatilihin ang odometer ng Sasakyan para palagi itong tumpak. Bibigyan mo kami ng sertipikasyon ng odometer sa anumang oras kami humiling ng isa. **Inuutusan ka ng batas pederal na bigyan kami ng pahayag ng milyahe ng Sasakyan hinggil sa paglilipat ng pagmamay-ari ng Sasakyan. Maaari kang pagmultahin at/o makulong kung hindi mo kukumpletuhin ang pagbubunyag o kung gagawa ka ng maling pahayag.**
- E. WALANG PAG-URONG.** Hindi namin inuurong ang aming mga karapatan o remedyo sa ilalim ng Pag-upa na ito sa pamamagitan ng pag-antala o hindi magawang gamitin ang mga iyon sa anumang oras. Ang aming pagtanggap ng huli o bahagyang mga bayad sa ilalim ng Pag-upang ito ay hindi magbubunsod ng pag-urong sa aming karapatan na makatanggap ng bayad nang buo nang nasa oras o anumang ibang karapatan.
- F. PAGTATALAGA.** Wala kang karapaptan na italaga ang alinman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Pag-upang ito o i-sublet ang Sasakyan; maaaring italaga ng Nagpapaupa ang interest nito sa Pag-upa na ito at sa Sasakyan nang wala ang iyong pahintulot. Kung ang Pag-upa ay itatalaga ayon sa Itinalaga, ang susunod na itinalaga ay maaaring hirangin ang CCAP Auto Lease Ltd., o ang tagapangasiwa nito, bilang ahente na hahawak ng titulo para sa benepisyo ng susunod na itinalaga sa sertipiko ng Sasakyan ng titulo at/o pagpaparehistro. Sinumang susunod na itinalaga ay hindi hihilingang gumawa ng mga pagkukumpuni sa Sasakyan, kumuha ng seguro, o magsagawa ng anumang serbisyo na napagkasunduang gagawin ng Nagpapaupa sa ilalim ng Pag-upa na ito. Nauunawaan mo na maaaring hindi ka makatanggap ng abiso ng anumang pagtatalaga ng Pag-upang ito.
- G. PAG-UULAT NG KREDITO.** Pinahintulutan mo kami na kunin ang iyong ulat ng kredito, iskor ng kredito o iba pang ulat ng consumer mula sa sinumang ahensyang nag-uulat sa consumer ngayon at sa panahon ng takdang tagal ng panahon ng Pag-upa na ito, at para muling imbestigahan ang iyong kredito para gamitin sa pagmo-monitor sa Pag-upang ito, pagkolekta ng mga halagang utang sa ilalim ng Pag-upang ito at pagpapalawig o pagbago sa Pag-upang ito hanggang sa ganap na sukdulang pinapahintulutan ng batas. Sa pamamagitan nito ay inaabisuhan ka rin na kung hindi mo magawa ang mga takda ng mga obligasyon ng iyong kredito sa ilalim ng Pag-upang ito, maaaring maisumite ang isang negatibong ulat hinggil sa iyong kredito sa bawat ahensyang nag-uulat sa consumer. Maaaring ibahagi ng Nagpapaupa ang kredito, impormasyon ng account at hinggil sa pananalapi sa aming mga kaanib at iba pang ikatlong partido maliban lang sa sukdulang ipinagbabawal ng ating patakaran o ng batas, kabilang ang iyong mga tagubilin na dapat sundin sa ilalim ng Gramm-Leach-Bliley Act at ng batas ng estado.
- H. BATAS NA NAMAMAHALA.** Ang Pag-upang ito ay pinamamahalaan ng, at ipaliliwanag nang naaayon sa mga batas ng estado kung saan naroon ang Dealer.
- I. PAGPAPATUPAD.** Kung alinmang probisyon sa Pag-upang ito ay matuklasang hindi naisasakatuparan, ilegal, o walang bisa, ang natitirang mga probisyon ng Pag-upa na ito ay mananatiling ganap at may bisa.

29. MGA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA UMUUPA

- A. PAHINTULOT PARA I-MONITOR AT I-RECORD ANG MGA TAWAG SA TELEPONO.** Para matiyak na maagap na mapangangasiwaan ang mga pagtatanong ng Umuupa, nang magalang, at nang tumpak, ang ilang tawag sa telepono sa pagitan mo at namin o sinuman sa aming mga kaanib, ahente, itinalaga at mga provider ng serbisyo, ay maaaring ma-monitor at mai-record namin at ng sinuman sa aming mga kaanib, ahente, itinalaga at mga provider ng serbisyo, para pagandahin ang serbisyo sa iyo. Nagpapahintulot ka sa pagmo-monitor at pagre-record na ito.
- B. MGA TAWAG SA PAGSERBISYO AT PAGKOLEKTA.** Sumasang-ayon ka na, upang maserbisyuhan namin ang Pag-upang ito o para kumolekta ng anumang halaga na pagkakautang mo, maaaring tumawag at/o magpadala ng mga text message ang Nagpapaupa sa iyo sa alinmang (mga) numero ng telepono na iyong ibinigay sa amin, ngayon o sa hinaharap, kabilang ang numero ng wireless na telepono na maaaring magresulta sa mga pagsingil sa iyo. Ang paraan kung saan isinasagawa ang mga pagtawag o pag-text message na ito sa iyo ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado, sa paggamit ng prerecorded/artipisyal na mga boses na mensahe at/o sistema ng awtomatikong pag-dial sa telepono. Sumasang-ayon ka pa na upang maserbisyuhan namin ang Pag-upa na ito o para kumolekta ng anumang halaga na utang mo, maaaring magpadala ang Nagpapaupa ng mga e-mail sa iyo sa alinmang e-mail address na iyong ibinigay sa amin o gumamit ng ibang elektronikong mga pamamaraan ng pakikipag-ugnayan hannggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas.

30. MGA ABISO

May karapatan kang isauli ang Sasakyan, at makatanggap ng pagbabalik-bayad (refund) ng anumang ibinayad kung hindi maaprubahan ang credit application, maliban lang sa mga resultang hindi naaprobahan mula sa hindi kumpletong application o mula sa maling impormasyon na ibinigay mo.

WALANG PANAHOON NG COOLING OFF

Ang batas ng California ay hindi nagbibigay ng "cooling off" o iba pang panahon ng pagkakansela para sa mga pag-upa ng sasakyan. Samakatwid, hindi mo maaaring kanselahin pagkatapos ang Pag-upang ito dahil lamang sa nagbago ang iyong isip, nagpasyang sobrang mahal ng halaga ng Sasakyan, o nagnanais na ibang sasakyan ang binili mo. Maaari mo lamang kanselahin ang Pag-upang ito na may kasunduan sa Nagpapaupa o para sa layuning legal, tulad ng panlilinlang.

ELECTRONIC NA KONTRATA AT LAGDA. Sumasang-ayon ka na ipinapahiwatig ng iyong electronic na lagda sa ibaba ang kagustuhan mong pumasok sa Pag-upang ito, na legal na may bisa at ipapatupad alinsunod sa mga tuntunin nito (ang "Electronic na Kontrata"). Sa paglagda sa Pag-upang ito, makakatanggap ka ng kopya ng Pag-upang ito, na hindi ituturing bilang may awtorisasyong kopya. Ang may awtorisasyong kopya ay ang electronic na kopyang naka-store sa system ng pamamahala ng dokumento na itinalaga namin (ang "May Awtorisasyong Kopya"). Sa kabila ng nakasaad, puwedeng i-convert ang May Awtorisasyong Kopya sa isang papel na kontrata sa pamamagitan ng pag-print nito at pagmarka namin bilang orihinal (ang "Papel na Kontrata"). Kapag nagawa na ang naturang Papel na Kontrata, ito na ang May Awtorisasyong Kopya, at dapat mong kilalanin at sang-ayunan na: (a) ang paglagda mo ng Electronic na Kontrata ay bumubuo at naghahatid rin ng Papel na Kontrata, (b) ang electronic na lagda mo sa ibaba, kapag inilagay sa Papel na Kontrata, ay bumubuo ng iyong legal na may bisa at nag-aatas na lagda sa Papel na Kontrata at (c) pagkatapos ng naturang pag-convert, ang Papel na Kontrata na lang ang magiging patunay ng iyong mga obligasyon.

NILALAMAN NG PAG-UPANG ITO ANG BUONG KASUNDUAN SA PAGITAN MO AT NAMIN. Walang umiiral na mga kasunduan sa pagitan mo at ng Nagpapaupa maliban lang kung ipinapahayag ng Pag-upang ito. Ang kasunduan sa pagitan ng mga partido ay maaari lamang mabago ng isang pirmadong kasulatan sa pamamagitan mo at ng Nagpapaupa, maliban lang kung sa pagtatapos ng Takdang Tagal na Panahon ng Pag-upa ay maaaring pahabain sa pamamagitan ng kasunduan sa aming diskresyon para sa isang panahon na hindi lalampas nang anim (6) na buwan. Walang kurso ng pagganap ang babago sa kasunduan sa pagitan ng mga partido o bubuo ng pagpapaubaya ng anumang karapatan sa ilalim ng Pag-upang ito.

Mga Inisyal ng Umuupa _____ ✓ Mga Inisyal ng Kapwa-Umuupa _____ ✓

PAUNAWA: (1) SA PAGPIRMA SA IBABA, SUMASANG-AYON KA SA LAHAT NG PROBISYON SA LAHAT NG PAHINA NG PAG-UPA NA ITO. (2) TINATANGGAP MO NA NABASA MO ANG BUONG PAG-UPA. (3) TINATANGGAP MO NA NAKATANGGAP KA NG KUMPLETONG NAPUNANG KOPYA NG PAG-UPANG ITO AT NG ANUMANG IBANG KASUNDUAN, MGA PATAKARAN O SERTIPIKO NA IYONG PINIRMAHAN O SINANG-AYUNANG BILHIN. (4) ISA ITONG KASUNDUAN NG PAG-UPA AT HINDI ISANG KASUNDUAN NG PAGBILI; MANGYARING HUMINGI NG MALAYANG PROPESYONAL NA PAYO KUNG MAYROON KANG MGA KATANUNGAN HINGGIL SA TRANSAKSYON NA ITO. (5) SUMASANG-AYON KA NA NABASA MO ANG PROBISYON NG ARBITRASYON SA PAG-UPANG ITO, KABILANG ANG PAMAMARAAN SA HINDI PAGSALI, AT SUMASANG-AYON KA NA PAMAGITAN ANG LAHAT NG CLAIM NANG NAAAYON SA PROBISYON NG ARBITRASYON SA SEKSYON 27.

(1) Huwag lalagdaan ang Pag-upang ito bago ito mabasa o kung naglalaman ito ng mga puwang na kailangang masagutan; (2) May karapatan ka sa isang kopya ng ganap nang nasagutan na Kasunduan sa Pag-upang ito; (3) Babala – Maliban kung may singil na isinama sa Pag-upang ito para sa seguro sa pananagutang publiko o pagkasira ng ari-arian, ang pagbabayad sa mga proteksiyong iyon ay hindi ipinagkakaloob ng Pag-upang ito.

SA PAGPIRMA SA IBABA TINATANGGAP MO NA NABASA MO ANG LAHAT NG TUNTUNIN NG PAG-UPANG ITO AT NAKATANGGAP NG KUMPLETONG NAPUNANG KOPYA NG PAG-UPANG ITO BAGO PIRMAHAN.

31. MGA PIRMA

A. (MGA) PIRMA NG CONSUMER NA (MGA) UMUUPA

X _____ **X** _____
Pirma ng Umuupa Pirma ng Kapwa-Umuupa

PIRMA NG UMUPANG NEGOSYO

_____ **X** _____
Pangalan ng Awtorisadong Tagapirma (Print) Titulo Pirma

PIRMA NG NAGPAPAUPA AT ITINALAGA

Sa pagpirma sa ibaba, ang Nagpapaupa na kinilala sa itaas ay sumasang-ayon sa sumusunod: (1) Tinatanggap ng Nagpapaupa ang Pag-upang ito; (2) Itinalaga ng Nagpapaupa ang lahat ng karapatan, titulo at mga interes sa Pag-upang ito at sa Sasakyan sa CCAP Auto Lease Ltd. ("Itinalaga") sa ilalim ng mga takda ng Chrysler Capital Non-Recourse Master Dealer Agreement na ipinapatupad bilang sinusugan paminsan-minsan. Tinatanggap ng Nagpapaupa na hindi isang ahente ng Itinalaga ang Nagpapaupa o ang mga tagapagserbisyo nito at ni ang Chrysler Capital Non-Recourse Master Dealer Agreement ni hindi ang pagtatalaga na ito ay ginagawang isang ahente ng Itinalaga ang Nagpapaupa o ang mga tagapagserbisyo nito.

X _____
Pirma ng Nagpapaupa Pangalan ng Kinatawan ng Nagpapaupa Titulo